



Tulongan ang Inyong Anak na Magtagumpay sa Paaralan: Buin nang Maaga ang Pag-uugaling Hindi Pagliban sa Klase

ALAM BA NINYO?

- Simula sa preschool at kindergarten, ang napakaraming pagliban sa klase ay maaaring magdulot sa mga batang hindi makahabol sa pag-aaral.
- Sa hindi pagpasok sa 10%, o tinatayang 2 araw kada buwan sa buong taon ng pasukan, nagiging mas mahirap ang matutong magbasa.
- Maaari pa ring mahuli ang mga estudyante kung hindi sila nakapasok ng isa o dalawang araw kada ilang linggo.
- Ang pagiging huli sa pag-aaral ay maaaring mauwi sa hindi magandang pagliban sa klase.
- Ang mga pagliban at pagkahuli sa klase ay maaaring makaapekto sa buong klase kung kailangang bagalan ng guro ang pagtuturo upang matulongang makahabol ang mga bata.

Ang regular na pagpasok sa klase ay nakakatulong sa mga batang mas bumuti ang pakiramdam sa pag-aaral— at kanilang mga sarili. Simulan ang pagbuo ng pag-uugaling ito sa preschool nang sa gayon ay agad nilang matutunan na ang pagpasok sa paaralan sa oras, araw-araw ay mahalaga. Sa kalaunan, ang hindi pagliban sa klase ay magiging kasanayang makakatulong sa kanilang magtagumpay sa high school at sa kolehiyo.

ANG MAAARI NINYONG GAWIN

- Magtakda ng regular na oras ng pagtulog at regular na gawain sa umaga.
- Ilatag ang mga isusuot at ihanda ang mga backpack sa gabi.
- Alamin kung anong araw magsisimula ang pasukan at tiyakin na ang inyong anak ay nabigyan ng mga kinakailangang bakuna.
- Ipakilala ang inyong mga anak sa kanilang mga guro at kaklase bago magsimula ang pasukan.
- Magkaroon ng mga pang-backup na plano sa pagpasok sa paaralan sakaling may mangyari. Tawagan ang isang miyembro ng pamilya, kapitbahay, o iba pang magulang.
- Iwasan ang mga medikal na appointment at mga pinalawig na biyahe kapag may pasok.
- Laging tandaan na ang mga pananakit ng tiyan o pananakit ng ulo ay maaaring palatandaan ng pagkabalisa at hindi dahilan para manatili sa bahay. Kung mukhang nababalisa ang inyong anak tungkol sa pagpasok sa klase, makipag-usap sa mga guro, counselor sa paaralan at iba pang mga magulang para sa payo tungkol sa kung paano magiging kumportable ang inyong anak at nasisiyahan sa pag-aaral.
- Kung dapat manatili sa bahay ang inyong anak dahil sa sakit, humingi sa guro ng mga mapagsasanggunian at ideya upang maipagpatuloy ang pag-aaral sa bahay.

Kailan Nagiging Problema Ang Pagliban sa Klase?



**TALAMAK NA
PAGLIBAN SA KLASE**
18 araw o higit pa

**MGA PALATANDAANG
BABALA**
10 hanggang 17 araw

KATAMTAMAN
9 na pagliban o mas
kaunti pa

Tandaan: Sa mga bilang na ito, ipinagpapalagay ang 180 araw ng pasukan.